



# PATNUBAY SA MISA



18 Disyembre 2016

Ikaapat na Linggo ng Adbiyento

Taong A

## MANALIG SA DIYOS AT SUMUNOD SA KANYA

**N**gayong ika-4 na Linggo ng Adbiyento, ginaganyak tayong tumulad sa halimbawa ni San Jose. Inaan-yayahan tayong dumulog sa lubos na paglilingkod sa Diyos sa ikatutupad ng ipinangakong pagliligtas. Sa gayong paraan lamang tayo makalalasang ng tunay na kapayapaan at makatitiyak sa pangwakas na tagumpay.

Ang Panginoong lumikha sa sanlibutan nang wala tayo ay mading makatutupad sa Kanyang plano nang walang tulong natin. Ngunit di ito ang karaniwan Niyang ginagawa. Itinataas Niya tayo sa antas ng “katambal” sa pagtupad sa Kanyang plano, dahil sa pagpapahalaga sa ating karangalan, kalayaan, at iba pang kata-ngiang kaloob Niya sa atin. Kung papayag tayo, magiging atin ang Kanyang tiyak na tagumpay.



### PASIMULA



#### Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

**Pumatak na waring ulan magmula sa kalangitan, nawa’y umusbong din naman mula sa lupang taniman ang Manunubos ng tanan.**

#### Pagbati

**P**–Papuri’t parangal sa Diyos na humirang sa ating maging katambal sa pagtupad ng Kanyang plano. Ang Kanyang biyaya at kapayapaan ay sumainyong lahat.  
**B**– At sumaiyo rin!

#### Pagsisisi

**P**–Natitipon dito bilang mag-anak ng Diyos ngayong huling Linggo ng Adbiyento, pakumbaba nating hilingin ang pagpapatawad ng Panginoon sa ating mga kasalanan at ang biyayang makipagtulungang lagi sa kanya. (Manahimik sandali.)

**P**–Panginoon, tuwina mo kaming tinatawagang makipagtulungan sa pagtupad ng plano mo

ngunit malimit na sarili naming mga plano ang aming sinusunod. Panginoon, kaawaan mo kami!

**B**–Panginoon, kaawaan mo kami!

**P**–Kristo, lagi kang nakalaang tumupad sa kalooban ng Ama, ngunit pinili naming sundin ang sa aming kalooban. Kristo, kaawaan mo kami!

**B**–Kristo, kaawaan mo kami!

**P**–Panginoon, ikaw ang “Emmanuel” na naghahatid sa amin ng pagmamahal ng Ama, ngunit malimit na di namin pansing kapiling ka namin. Panginoon, kaawaan mo kami!

**B**–Panginoon, kaawaan mo kami!

**P**–Kaawaan tayo ng makapang-yarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

**B**–Amen!

#### Papuri

(Aawitin lamang tuwing Simbang Gabi.)

#### Panalanging Pambungad

**P**–Ama naming makapangyarihan, kasihan mo kami ng iyong

pagmamahal upang kaming nakabatid sa pagbabalita ng anghel tungkol sa pagkakatawang-tao ng Anak mo ay makapakinabang sa kanyang pagpapakasakit at pagkamatay sa krus sa pagsapit namin sa pagkabuhay niya sa langit sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B**–Amen!

### PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



**Unang Pagbasa** Isa 7:10-14

Plano ng Diyos na ang Mesiyas ay magbuhat sa angkan ni Haring David. Tutupdin ang gayong plano kahit na ang ilang tao, tulad ng mapagmataas na Haring Acaz, ay tumanging makipagtulungan. Ito ang mensahe sa atin ng kilalang “propesiyang Emmanuel,” na maririnig natin ngayon.

**L**–Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Isaias

Noong mga araw na iyon, ipinasabi ng Panginoon kay Acaz: “Humingi ka sa akin ng palatandaan,

maging sa kalamayan ng kinaroroonan ng mga yumao o sa kaitaan ng langit.” Sumagot si Acas: “Hindi po ako hihingi. Hindi ko susubukin ang Panginoon.”

Sinabi ni Isaias: “Pakinggan mo, sambahayan ni David, kulang pa ba ang galitin ninyo ang mga tao na pati ang aking Diyos ay inyong niyayamot? Kaya nga’t, ang Panginoon na rin ang magbibigay ng palatandaan: Maglililihi ang isang dalaga at manganganak ng lalaki at ito’y tatawaging Emmanuel.”

Ang Salita ng Diyos!  
B – Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan *Awit 23*

B – Ang Panginoon’y darating, s’ya’y dakilang Hari natin!

R. M. Velez

The musical score is written on two staves. The first staff has a treble clef, a key signature of one flat (B-flat), and a 4/4 time signature. The notes are: G4, A4, B4, C5, B4, A4, G4. Above the notes are the chords: F, C7, Dm, F/C, Bb. Below the notes is the lyrics: "Ang Panginoon'y darating, s'ya'y". The second staff has a treble clef, a key signature of one flat, and a 4/4 time signature. The notes are: G4, A4, B4, C5, B4, A4, G4. Above the notes are the chords: Gm, C, F. Below the notes is the lyrics: "da-ki-lang Ha-ri na-tin!".

\* Ang buong daigdig, lahat ng naroon, may-ari’y ang Diyos, ating Panginoon. Ang mundo’y natayo at yaong sandiga’y ilalim ng lupa, tubig kalamayan. *B.*

\* Sino ang marapat umahon sa burol, sa burol ng Poon, sino nga’ng aahon? Sino’ng papayagang pumasok sa templo, sino’ng tutulutang pumasok na tao? Siya, na malinis ang isip at buhay, na hindi sumamba sa diyos-diyosan; tapat sa pangako na binitawan. *B.*

\* Ang Diyos na Panginoon, pagpapalain siya, ililigtas siya’t pawalag-sala. Gayon ang sinumang lumalapit sa Diyos, silang lumalapit sa Diyos ni Jacob. *B.*

Ikalawang Pagbasa *Ro 1:1-7*

Ang pagiging buhat sa angkan ni Haring David ay pangunahing katangian ng hinihintay na Mesiyas. Ang pangakong ito ay binibigyang-diin ng mga apostol, gaya ng mahihinuha natin sa pangungusap na pambungad sa liham ni San Pablo sa mga taga-Roma.

L – Pagpapahayag mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Roma

Mula kay Pablo na alipin ni Kristo Hesus, tinawag upang maging apostol at hinirang upang mangaral ng Mabuting Balita ng Diyos. Sa inyong lahat na minamahal ng Diyos na nangariyan sa Roma, na tinawag upang maging mga banal: Sumainyo nawa ang pagpapala at kapayapaan mula sa Diyos na ating Ama at sa Panginoong Hesukristo.

Ang Mabuting Balitang ito, na ipinangako niya noon pang una sa pamamagitan ng mga propeta at nasasaad sa mga banal na kasulatan, ay tungkol sa kanyang Anak, ang ating Panginoong Hesukristo. Sa kanyang pagiging tao, siya’y ipinanganak mula sa lipi ni David, at sa likas na kabanalan ng kanyang espiritu, ipinahayag siyang Anak ng Diyos sa pamamagitan ng makapangyarihang gawa – ang kanyang muling pagkabuhay. Sa pamamagitan niya, tinanggap namin sa Diyos ang kaloob na maging apostol upang ang lahat ng bansa ay akayin sa pananampalataya at pagsunod sa kanya.

Kabilang din kayo sa mga tinawag na maging tagasunod ni Hesukristo.

Ang Salita ng Diyos!  
B – Salamat sa Diyos!

Aleluya *Mt 1:23*

B – Aleluya! Aleluya!  
Maglililihi ang dalaga; lalaking isisilang n’ya’y Emmanuel na Poong sinta.  
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita *Mt 1:18-24*

Pagkat masunurin si Jose, madaling natupad ng Diyos ang mga pangako ng matandang panahon at ang Kanyang planong pangkaligtasan sa katauhan ni Hesus, na “Anak ni David” at siyang “Emmanuel.”

P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo  
B – Papuri sa iyo, Panginoon!

Ganito ang pagkapanganak kay Hesukristo. Si Maria na kanyang ina at si Jose ay nakatakda nang pakasal. Ngunit bago sila nakasal, si Maria’y natagpuang nagdadalang-tao. Ito’y sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Isang taong matuwid itong si Jose na kanyang magiging asawa, ngunit ayaw niyang mapahiya si Maria, kaya ipinasiya niyang hiwalayan ito nang lihim.

Samantalang iniisip ni Jose ito, napakita sa kanya sa panaginip ang isang anghel ng Panginoon. Sabi

nito sa kanya, “Jose, anak ni David, huwag kang matakot na tuluyang pakasalan si Maria sapagkat siya’y naglihi sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Manganganak siya ng isang lalaki at ito’y panganganlan mong Hesus, sapagkat siya ang magliligtas sa kanyang bayan sa kanilang mga kasalanan.”

Nangyari ang lahat ng ito upang matupad ang sinabi ng Panginoon sa pamamagitan ng propeta: “Maglililihi ang isang dalaga at manganganak ng isang lalaki, at tatawagin itong Emmanuel” ang kahuluga’y “Kasama natin ang Diyos.”

Nang magising si Jose, sinunod niya ang utos ng anghel ng Panginoon; pinakasalan niya si Maria.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!  
B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P – Tuwina tayong inaanyayahan ng Panginoong maging katambal Niya sa pagtupad ng Kanyang plano. Dahil sa ating mga kahinaan, ipanalangin natin ang Kanyang tulong sa atin at sa mga mahal natin. Tugon nati’y:

**B—Panginoon, masunod nawa ang Iyong kalooban!**

\* Nawa ang Simbahan ay lubos na manalig sa Diyos, lalo na sa harap ng pagsubok, at maging laging tapat sa Kanya. Manalangin tayo! **B.**

\* Nawa lahat ng nanunungkulan sa Simbahan ay makapagbigay ng magandang halimbawa ng pakikipagtulungan sa pagtupad ng plano ng Diyos. Manalangin tayo! **B.**

\* Nawa ang mga nagdurusa ay makatagpo sa pakikiisa ng kanilang mga kamag-anak at mga kaibigan ng kailangan nilang lakas para sa pag-ayon sa plano ng Diyos para sa kanila. Manalangin tayo! **B.**

\* Nawa ang mga namamahala sa ating lipunan ay makapagbalak ng mga gawaing ganap na alinsunod sa mga utos at plano ng Diyos. Manalangin tayo! **B.**

\* Nawa ang ating kabataa't mga katulong nila ay makapagplano para sa kanilang kinabukasan alinsunod sa kalooban ng Diyos at sa tulong ng dasal at payo ng matatalino. Manalangin tayo! **B.**

\* Nawa lahat tayong nagsi-simbang gabi ay magtotoo sa ating pangakong makipagtulungan sa pagtupad sa plano ng Diyos. Manalangin tayo! **B.**

\* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahalilingan. (*Tumigil sandali.*) Manalangin tayo! **B.**

**P—**Panginoong Diyos, biyayaan Mo kaming tumulad sa halimbawa ni Hesus na masunurin Mong Anak, at gawin Mong tapat na kasangkapan ng Iyong plano ang aming buhay. Ikaw na nabubuhay at naghahari magpakailanman. **B—Amen!**



**P—**Manalangin kayo . . .  
**B—**Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

**Panalangin ukol sa mga Alay**

**P—**Ama naming Lumikha, ang mga alay naming nakahain sa iyong dambana ay pabanalin nawa ng paglukob ng Banal na Espiritu na pumuspos sa sinapupunan ng Mahal na Birheng Maria upang magdalang-tao at magsilang sa iyong Anak na siyang namamagitan magpasawalang hanggan.

**B—Amen!**

**Prepasyo ng Adbiyento II**

**P—**Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesuskristo na aming Panginoon.

Ang pagsusugo mo sa kanya ay ipinahayag ng lahat ng mga propeta. Ang pagsilang niya'y pinanabikan ng Mahal na Birheng kanyang Inang tunay sa kapangyarihan ng Espiritung Banal. Ang pagdating niya'y inilhad ni San Juan Bautista sa kanyang pagbibinyag. Ngayong pinaghahandaan namin ang maligayang araw ng kanyang pagsilang, kami'y nananabik at nananalanging lubos na makaharap sa kanyang kadakilaan.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

**B—Santo, santo, santo . . .**

**Pagbubunyi**

**B—**Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.



**B—**Ama namin . . .

**P—**Hinihiling namin . . .

**B—**Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! **Amen!**

**Paanyaya sa Kapayapaan**

**Paghahati-hati sa Tinapay**

**B—**Kordero ng Diyos . . .

**Paanyaya sa Pakikinabang**

**P—**Ito si Hesus, ang Banal na

Manunubos. Siya ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

**B—**Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

**Antipona ng Pakikinabang**

(*Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.*)

Maglilili itong birhen at magsilang ng supling na tatawaging **Emman'wel**, taguring ibig sabih'i "Ang D'yos ay sumasaatin."

**Panalangin Pagkapakinabang**

**P—**Ama naming mapagmahal, amin nang pinagsaluhan ang piging na nagbibigay-buhay habang papalapit ang dakilang kapistahan ng Pasko, lalo nawa kaming makinabang nang may pananabik sa pagiging marapat sa pagdiriwang sa pagsilang ng Anak mo na siyang namamagitan magpasawalang hanggan.

**B—Amen!**



**P—**Sumainyo ang Panginoon.

**B—**At sumaiyo rin!

**P—**Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

**B—Amen!**

**P—**Humayo kayo sa kapayapaan ng Panginoong darating.

**B—**Salamat sa Diyos!

**"POCKET PLANNER" PARA SA 2017 AT AKLAT-DASALAN**



Buwanang "planner," gabay na panliturhiya, at aklat-dasalang nagtatampok sa "Taon ng Parokya."

Mabibili na ngayon sa *Word & Life Center*, mga *religious bookstore*, at *National Book Store*.

# “Magsaya!” Bakit Hindi?

• Jess P. Balon

Noong Ikatlong Linggo ng Adbiyento, inanyayahan tayo ng Lituhiyang magsaya sapagkat malapit nang dumating ang Panginoon. Ngunit naharap din tayo sa maraming dahilang maaaring makapigil sa atin para magsaya o magpalungkot sa atin at halos magtulak sa ating mawalan ng pag-asa. Gayunman, ipinagdidinaan ng Simbahang dapat tayong magsaya pagkat malapit nang dumating ang Panginoon may nakalaang kaligayahan para sa lahat. At ngayo’y may **isa pang dahilan kung bakit tayo dapat magsaya**. Ito’y dahil **tinatawagan tayo ng Diyos na maging katambal Niya sa pagtupad sa plano Niyang pagmamahal at kapayapaan para sa lahat**.

Subalit wari itong higit na isang hamon kaysa pampalakas-loob. Ang pagpapasigla ay nasa katuwayang alam na natin kung sino ang magwawagi **sa tunggalian ng buti at sama, ng liwanag at dilim**. **Tiyak na ang Diyos at Kanyang mga kapanalig ang magwawagi**. Ito ay isang pagpapahayag ng pananampalataya. Ang pagtanggap rito ay pagpapahayag ng di paniniwala at mauwi lamang sa kawalan ng saysay, kawalan ng pag-asa.

Ano ang mga “patunay” na may batayan ang ating pag-asa at katuwirang magsaya? Ano ang mga “palatandaan” na ang ating inaasahan at ipinag-sasaya ay hindi pagbubulag-bulagan sa katotohanang kaharap natin? Sa katunayan, **malayo sa pagbubulag-bulagan sa katotohanan, dahil sa ating Kristiyanong pananampalataya kung kaya natin nakikita ang lahat ng aspeto nito at di lamang ang madilim na panig nito, tulad ng mga di sumasampalataya**. Sa tulong ng ating pananampalataya, **“nakikita” natin ang nasa ibayo ng maraming anyo ng kasamaan sa mundo. Ang ating pananampalataya ay patuloy na nagbibigay sa atin ng mga katwiran para magsaya at umasa, sa kabila ng kahirapan natin sa buhay**.

Kapag halos masindak tayo sa dami ng kasamaan sa mundo at hinahamon ng katanungang **“Nasaan ang Panginoon ngayon?”** – taglay ng ating pananampalatayang Kristiyano ang sagot na sintigas ng batong sinasalpok ng malalaking alon. Mabubuod ang sagot nang ganito: **“Masdan ang malaki pa ring kabutihan sa napakaraming tao, mga pangkat, mga institusyon, at mga pagsisikap.”**

Tunay ngang buhay pa rin ang kabutihan ng kalooban at paggawa sa ating mundo. Di lamang ito nakaligtas sa kabila ng kasamaan; bagkus, nananatili pa rin itong buhay at namumunga sa maraming iba’t ibang paraan tulad ng mga damong patuloy na umuusong at lumalago, sa kabila ng pagkatupok ng malaking sunog.

Kapag nakakakita tayo ng mga magulang na nagsisi-

kap na mapalaki nang maayos ang kani-kanilang mga anak – alam nating may katuwiran tayong MAGSAYA at UMASA. Kapag nakakakita tayo ng mga gurong naglalaan ng kanilang buhay alang-alang sa pagtuturo sa kabataan ng mabubuting pagpapahalaga – alam nating may katuwiran tayong MAGSAYA at UMASA. Kapag naisip natin ang maraming mga doktor, nars, mga “social workers,” at iba pang lingkod-bayang nagsisikap makapagdulot-ginhawa sa mga maysakit, nagtatanggol sa mga api’t mahihina – matitiyak nating tunay ngang may katuwiran tayong MAGSAYA at UMASA.

Kapag nakakakita tayo ng mga taong naghahandog ng kanilang buhay sa pagtataguyod ng katarungan at kapayapaan – alam nating may katuwiran tayong MAGSAYA at UMASA. Kapag binilang natin ang mga pandaigdig at pambansang kapisanang tulad ng Red Cross, Caritas, UNICEF, Amnesty International, at Gawad Kalinga na nagsisikap na mabisang makapaghatid ng pag-asa, karangalan, at buhay sa milyun-milyong tao – marapat lamang na ipahayag nating **“MAGSAYA TAYO PAGKAT NARITO ANG PAG-ASA!”**

Dito man, may maidaragdag pa kung didilat lamang tayo para makitang **hindi lahat ay madilim sa malamalam nating mundo. At kapag sinubok nating maunawaan ang “pinakaugat na dahilan”** na siyang bukal ng di mabilang na ilaw ng pag-asa, mauunawaan nating iyon din ang kinilala na ni Pablóng apostol: **“Malapit sa atin ang Panginoon!”** at ang katunayang **NAIS NIYA TAYONG MAGING KATAMBAL sa pagtupad sa Kanyang plano**, pati na sa pagtatagumpay laban sa lahat ng anyo ng kasamaan.

Napakalapit nga sa atin ng Panginoon; sa katunayan, **Siya ang nakapangyayaring lakas sa lahat ng buting nagaganap sa bawat saglit**. Kaya nga, nagsasaya tayo sapagkat **hinirang tayo di lamang para makinabang sa Kanyang pagmamahal, kundi para rin maging “kasangkapang tagaganap” sa paglaban sa kasamaan at pagtatatag ng kabihasan ng buhay at pagmamahal** na tinutukoy ng Ebanghelyo bilang **“Kaharian ng Diyos.”**

Ito ang ipinahahayag nati’t ipinagdiriwang sa buong panahon ng Adbiyento, lalo na sa Pasko. Ngunit **para sa mga naniniwala’t nananalig sa Panginoon at sumusunod sa Kanyang landas, bawat araw ay maaaring maging Pasko, at maaari tayong MAGSAYA AT UMASA, pagkat sa bawat saglit, ang Panginoon’y malapit at nag-aanyaya sa ating makipagtulungan para sa ikatutupad ng Kanyang mga pangarap at ng pinakamaganda rin nating mga pangarap!**



**WORD & LIFE  
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: [www.wordandlife.org](http://www.wordandlife.org)

• E-mail: [marketing@wordandlife.org](mailto:marketing@wordandlife.org), [wordandlifepublications@gmail.com](mailto:wordandlifepublications@gmail.com) • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, G. Ramos, R. Molomog, D. Daguio, V. David

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: R. Saldua